# Lesson 3: Ang Gawain ng Kaligtasan at Kadakilaan

*Maaari ninyong ituro ang lesson na ito nang buo o paghiwa-hiwalayin ito sa mas maiikling segment. Iakma ang aralin sa inyong mga lokal na sitwasyon at sa mga pangangailangan, edad, at pang-unawa ng presidency ng inyong korum o klase.*

## ANG GAWAIN NG PRESIDENCY NG ISANG KORUM O KLASE

Anyayahan ang mga miyembro ng presidency na basahin nang sabay-sabay ang *General Handbook: Serving in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* 1.2 (ChurchofJesusChrist.org), at anyayahan silang hanapin ang gawaing ipinagagawa sa kanila ng Panginoon. Bakit mahalaga ang gawaing ito? Ano na ba ang ginagawa natin na nagsasakatuparan sa mga layuning ito? Ano bang mga mithiin ang maaari nating itakda o iakma para mas maisakatuparan ang mga layuning ito?

## PAGSASALI NG MGA MIYEMBRO NG KORUM O KLASE SA GAWAIN

Hilingin sa mga miyembro ng presidency na rebyuhin ang napag-usapan at napagplanuhan nila bilang presidency. (Maaari mong hilingin sa kanila na rebyuhin ang kanilang presidency meeting agenda, pati na ang kanilang mga plano para sa paglilingkod at mga aktibidad.) Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Paano na ba tayo nakatuon sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan?
- Paano pa ba natin ito mapagbubuti?

Anyayahan ang presidency na talakayin kung paano nila matutulungan ang mga miyembro ng kanilang korum o klase na mas lubos na makibahagi sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan. Ang mga tanong na tulad ng sumusunod ay maaaring talakayin ng presidency o ng korum o klase:

- Paano natin matutulungan ang isa't isa na mas maipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo?
- Ano ang magagawa natin para mapangalagaan ang mga nangangailangan?
- Paano natin maipadarama sa lahat na sila ay inaanyayahan at maaaring sumali sa atin?
- Paano tayo makahihikayat ng partisipasyon sa gawain sa family history at sa templo?

Tingnan ang mga posibleng tanong sa bahaging "Sama-samang Magpayuhan" ng bawat lesson sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Korum ng Aaronic Priesthood at mga Klase ng Young Women.*

## SUPORTANG RESOURCES

- *General Handbook (Pangkalahatang Hanbuk),* kabanata 1
- "Youth Responsibility in the Work of Salvation" video
- Carol F. McConkie, "Narito Upang Itaguyod ang Mabuting Adhikain," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2015, 12–14
- Mga Taga Efeso 4:11–13; Moroni 10:32; Moises 1:39

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2020 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. 4/20. Pagsasalin ng *Quorum and Class Presidency Training—Lesson 3.*
Tagalog. PD60011121 893. Inilimbag sa Pilipinas